PAHAYAGAN NG
# Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 21 NO. 48 JANUARY 23 - 29, 2023 10.00

# KONSTRUKSYON NG DASMARIÑAS-GMA-CARMONA BY-PASS ROAD, INAASAHANG MATAPOS SA 2026



**MAS MABILIS NA BIYAHE SA CAVITE, AASAHAN SA 2026**

**Inaasahan ng Department of Public Works and Highways (DPWH) Regional Office No. IV-A na matatapos ang konstruksyon ng Dasmariñas-General Mariano Alvarez (GMA)-Carmona By-Pass Road bago matapos ang taong 2026.**

Ayon sa DPWH, babagtasin ng 4.9 kilometrong by-pass road ang Paliparan Road sa lungsod ng Dasmariñas, patungo sa tertiary national road sa Dasmariñas City, patungo sa sa Governor's Drive sa Carmona.

Oras ma matapos ang konstruksyon ng nasabing proyekto, inaasahan ng DPWH na magiging mas mabilis ang biyahe sa pagitan ng Dasmariñas City, Municipality of Carmona, at Municipality of General Mariano Alvarez, maging sa mga kalapit bayan ng mga ito. | via Ruel Francisco-PIA Cavite, DPWH Regional Office No. IV-A

**Paalala sa lahat ng mga Bacooreño, narito ang listahan ng mga ahensya at mga serbisyong maaari niyong i-avail sa Strike sa Serbisyo Satellite Office sa Main Square Mall mula Lunes hanggang Sabado. Strike as One sa mas malawak na pag-abot ng serbisyo sa bawat Bacooreño!**




# BALAY SILANGAN, NAKATAKDANG ITAYO SA BAYAN NG SILANG

**SILANG | Plano ng lokal na pamahalaan magkaroon ang kanilang bayan ng sarili nitong Balay Silangan, o isang reformation facility para sa mga drug offender.**

**Pinangunahan ni Mayor Kevin Anarna ang Balay Silangan Orientation kasama ang iba't ibang tanggapan ng lokal na pamahalaan, kabilang na ang Silang Police, Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO), Municipal Health Office, Public Information Office, at lokal na tanggapan ng Department of the Interior and Local Government (DILG).**




Alinsunod sa Resolution No. 2 series of 2018 ng Dangerous Drugs Board, tinitingnan ang Balay Silangan bilang alternatibo sa pagtugon sa suliranin ng iligal na droga kung saan tinutulungan ang mga drug offender o depended na maging self sufficient at law-abiding members ng komunidad.

Ayon kay Anarna, bilang bahagi ng kampanya ng pamahalaan kontra iligal na droga, kabilang ang pagkakaroon ng Balay Silangan sa mga requirement upang maideklarang 'drug cleared' ang isang bayan o lungsod.

Dagdag pa ng alkalde, isa sa mga target ng lokal na pamahalaan ngayong taon na maparami pa ang bilang ng mga drug-cleared barangay sa kanilang bayan. | via Ruel Francisco-PIA Cavite, Office of the Mayor of Silang

# Free tuition sa mga nais maging abogado, itinulak

**MANILA, Philippines — Maaari nang makapag-aral ng libre ang mga nagnanais na maging abogado.**

Ito ay sa sandaling maging ganap na batas ang Senat bill 1639 ni Senate Majority leader Joel Villa-nueva na naglalayong amyendahan ang Republic Act No. 7662 o ang ' Legal Education Reform Act of 1993' para itatag ang 'Legal Scholarship and Return Service Program (LSRS).




Sinabi ni Villanueva na lubos na kailangan ngayon ng mas maraming public defenders sa ating bansa dahil mayroon lamang 2,500 abogado ang Public Attorneys Office (PAO) at bawat isa umano sa mga ito ay humahawak ng 5,300 kaso bawat taon.

Base sa isang pag-aaral noong 2016, mayroon lamang isang abogado kada 2,500 Pilipino. Mas mataas ito kumpara sa Estados Unidos na may 1 abogado sa kada 248 na residente, habang sa Italy ay 1 abogado kada 260 residente at sa Germany ay 1 abogado sa kada 560 residente.

Sinabi pa ni Villanueva na ang programa ay magi-ging katulad ng Doktor Para sa Bayan Act na itinatag sa ilalim ng Republic Act No. 11509, na siyang naging principal author at sponsor noong nakaraang Kongreso.

Sa ilalim ng panukala, bibigyan ng libreng tuition fee at iba pang bayarin sa eskwelahan, allowance para sa mga libro, clothing at uniform allowance, allowance para sa dormitoryo o boarding house, transportation allowance, Bar review fees kasama na rito ang Bar Examination application fees, annual medical insurance at iba pang bayarin dito.

Nakasaad naman sa panukala na dapat magbigay ng "return service" o isang taong serbisyo sa kada taong nakinabang sa libreng pag-aaral ng abogasya ang scholar sa pamamagitan ng pro bono legal services ng PAO o sa iba pang ahensya ng gobyerno na nangangailangan ng mga abogado. Bibigyan sila ng naaangkop na civil service rank, suweldo at mga benepisyo.




ACCEPTING ADS - 09975232302/0922-3648349 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com

## 4 Mabisang Tips sa Kalusugan

### *Payo ni Doc Willie Ong*



1. Kumain ng mas kaunting pagkain.

Maraming mga pag-aaral ang nagpakita na ang pagbabawas sa pagkonsumo ng calories ay nagpapahaba ng buhay. Ayon sa teorya sa pag-diyeta, ang pagkain ng mas kaunting pagkain (20% na mas kaunti) ay maaaring mabawasan ang dami ng pamamaga sa mga daluyan ng dugo at maaaring bawasan ang dami ng mga lason sa katawan. Kahit sa panahon ng Bibliya, ang pag-fasting at pag-iwas sa ilang mga pagkain ay hinihikayat.

2. Subukan ang Mediterranean Diet.

Ang Mediterranean diet ay binubuo ng gulay, prutas, beans, mani at olive oil. Ang mga isda at manok ay kinakain din ng katamtaman. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang mga taong kumonsumo ng Mediterranean diet ay makaiiwas sa sakit sa puso at Alzheimers Disease. Sa katunayan, itinuturing ito ng ilang mga eksperto bilang pinaka-masustansyang diyeta.

3. Piliin ang masustansyang fats.

Mayroong 2 uri ng taba (fats): ang masustansya at hindi masustansyang taba. Ang mga hindi masustansyang taba (saturated fats at trans-fatty acids) ay nagdudulot ng sakit sa puso. Ang saturated fats ay matatagpuan sa mantikilya, creams, at taba ng baboy at baka. Ang trans fats ay matatagpuan sa margarines at cooking oil at mga pagkaing dumaan sa proseso kagaya ng biscuits. Tingnan ang label at subukan bawasan ang pagkain nito. Sa kabilang dako, ang masustansyang fats ay matatagpuan sa mani, abokado at matatabang isda katulad ng salmon, sardines, mackerel at tilapia. Kung mamimili, piliin ang low-fat milk at low fat na mga palaman. Alisin ang mga nakikitang taba bago ito lutuin.

4. Panatilihin ang kalinisan sa ngipin.

Ang pagkakaroon ng sakit sa gilagid ay nauugnay sa sakit sa puso at sa katunayan ay maaaring magpa-ikli ng buhay. Pinaniniwalaan na ang pamamaga sa gilagid ay nauugnay sa pamamaga din ng mga arteries o ugat sa puso. Ang impeksyon sa bibig ay maaaring humantong sa delikadong impeksyon sa balbula (valve) ng puso. Mag-sepilyo ng ngipin 3 beses kada araw. Gumamit ng panlinis ng dila para matanggal ang bakterya sa dila. At mag-floss din araw-araw.






## EDITORYAL

### Patuloy ang pambu-bully sa West Philippine Sea

Noong Enero 3 lang nagkausap si President Ferdi-nand Marcos at Chinese Prsident Xi Jinping na may kinalaman sa pangingisda ng mga Pinoy sa West Phi-lippine Sea. Ayon kay Marcos, nangako si Xi na gagawa ng solusyon sa problema ng mga mangingisdang Pinoy. Gagawa rin umano ng paraan para hindi na maulit ang mga pangyayari na maaring humantong sa hindi pagka-kaunawaan.

Nang kapanayamin si Marcos habang patungo sa Switzerland noong Lunes, siniguro nito na hindi pipigilan ng China ang mga mangingisdang Pinoy na manghuli ng isda sa traditional fishing grounds sa WPL. May kasunduan na umano na hindi pipigilan ng China ang mga mangingisdang Pinoy para mangisda. Pagtitiyak ni Marcos na papayagan ng China ang mga mangingisdang Pinoy.

Kamakalawa, sa TV interview sa isang mangingisdang Pinoy, hindi umano sila pinayagan ng China Coast Guard na makapasok sa Scarborough Shoal. Itinaboy umano sila. Nanlulumo ang mangingisda sa pangyayari. Walang ipinagkaiba sa mga nakaraan na pinagbawalan silang mangisda sa dati na nilang pinangingisdaan. Apektado na umano ang kanilang ikinabubuhay sa ginagawa ng China Coast Guard. Saan sila kukuha ng ipakakain sa pamilya?


Ang pangyayaring ito ay naghahatid na naman ng poot sa marami. Nasaan na ang pangako ng Chinese president na bibigyan ng solusyon ang problema ng mga mangingisdang Pinoy? Nalimutan na agad ang sinasabing kasunduan na ginawa noong nakaraang linggo lang? Nararapat nang maghain ng protesta ang Pilipinas sa nangyayaring ito na patuloy na pagpigil ng China sa mga mangingisdang Pinoy. Hindi talaga dapat paniwalaan o panghawakan ang sinasabi ng China. Hindi sila tumutupad sa kasunduan.

Kung patuloy ang kanilang pangangamkam sa napanalunang teritoryo ng Pilipinas, tiyak na patuloy din paggawa nila ng mga illegal structure sa WPS, parti-kular sa Panganiban (Mischief) Reef. Ang Panganiban Reef ay nakapaloob sa 370 kilometer ex-clusive economic zone ng Pilipinas. Pero hindi ito kinikilala ng China.

Malaking hamon ang ginagawa ngayon ng China. Mula nang okupahin ng mga Chinese ang mga teritoryo- sa WPS, maraming mangingisdang Pinoy ang problemado kung paano maitatawid ang kanilang buhay at pamilya. Hindi naman malilimutan ang sinabi ni Marcos Jr. noong Hulyo 2022, na hindi raw siya papayag na makatapak ang sinuman sa pag-aari ng Pilipinas. Hindi raw niya igi-give up kahit square inch ng teritoryo ng Pilipinas. Ipaglalaban umano niya ang soberanya ng bansa. Ngayon ito patunayan.


**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.








PAHAYAGAN NG Kabitenyo

ISSN-1656-0558

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.

Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

Email: pahayagancavite@gmail.com

Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

PAPER Ph MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

**DIOSAN MARUAL**

**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

# Tap tourism industry earnings for Maharlika fund: solon

**MANILA – A lawmaker suggested to tap the earnings from the tourism industry in order to support the creation of a sovereign wealth fund.**

**Surigao del Norte Representative Robert Ace Barbers made the remark as he expressed full support to Finance Secretary Benjamin Diokno's plan to use the mining sector's earnings to bankroll the Maharlika investment fund.**



"I fully agree and support Secretary Diokno in his proposal to use the earnings from the mining industry for the Maharlika fund. But I would even venture further. You see, where I come from, Surigao del Norte is not only the mining capital of the country, it is fast becoming a primary tourism destination. So I would propose that we also tap the huge earnings from the tourism industry," Barbers said.

He noted that these two combined industries will "no doubt rescue and lift" the country from the "pit of debt" at PHP13.64 trillion, according to the latest data from the Bureau of the Treasury (BTr).

Barbers said that only the mining industry can save the economy post pandemic as it is the single biggest resource that the country has with the potential to earn trillions of dollars.

He said the Philippines is the 4th richest in mineral resources, noting that the country has more than enough to pay off the country's entire debt from the total gold, copper, nickel and other mineral reserves worth trillions of dollars.

"I have said it many times before, our mining industry can save us and our country. In 10 years, Europe plans to have 50 percent of its vehicles run on full electricity. The raw materials needed for the electric car batteries are here in our country. Allowing the mining industry to proceed full-scale will give us the edge the we badly need," he said.

"We should not miss the bus again. Of course this is not to say that all kinds of mining firms will be allowed to operate. Only those with proven track records in responsible mining practices will be given accreditation and the permits to do business," he added.

Aside from reopening and reviving the mining industry, he also earlier recommended strengthening the tourism industry in order to help the economy recover from the impact of the Covid-19 (coronavirus disease 2019) pandemic.

Speaker Ferdinand Martin Romualdez, meanwhile, said the keen interest shown by global leaders in the Maharlika Investment Fund (MIF) during the World Economic Forum (WEF) in Davos, Switzerland has bolstered the wisdom of fast-tracking the passage of the proposed measure creating the sovereign wealth fund at the House of Representatives.

"The swift passage of House Bill No. 6608, creating the Maharlika Investment Fund (MIF), enabled the President and the Philippine delegation to take advantage of the enormous opportunity to showcase the positive developments in our country and creative strategies to gain growth momentum," Romualdez said.

President Ferdinand R. Marcos Jr. introduced the MIF during the Philippines' Country Strategy Dialogue at the World Economic Forum (WEF) on Tuesday, saying the process of establishing the country's first sovereign wealth fund is underway.

"Such a fund is one tool among many in our efforts to diversify our financial portfolio, which includes our existing institutions pursuing investment that will generate stable returns, but also welfare effects spanning employment creation, improvement of public service, and a decrease in costs of economic activities," Marcos said in his opening remarks at the dialogue.

Romualdez credited the collective effort of the House, from the leadership to the opposition bloc, for the passage of HB 6608 featuring adequate safeguards to protect against corruption or abuse.

With Marcos certifying the bill as urgent, the House approved it on final reading on Dec. 15, 2022, and was transmitted to the Senate on Dec. 19, 2022.

The Senate leadership said the MIF measure is among the priority legislations that the chamber would work on when Congress resumes session this month.

House Bill 6608 or the Maharlika Investment Fund Act, is an independent fund that adheres to the principles of good governance, transparency and accountability, that will be sourced from investible funds of select government financial institutions (GFIs), contributions of the national government, declared dividends of the Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) and other sources. (PNA)

## BARANGAY HEALTH WORKERS SA CARMONA, SUMAILALIM SA REFRESHER TRAINING




CARMONA | Sumailalim sa Refresher Training ang nasa 122 Barangay Health Worker (BHW) Sa pangunguna ng Municipal Health Office, tinalakay sa Refresher Training ang iba't ibang paksa kaugnay sa paghahatid ng mga serbisyong medikal sa komunidad tulad ng Brief Advice for Smoking Cessation, Water Sampling for Water Quality Monitoring, at Barangay Dengue Task Force on 5S.

Bilang suporta sa nasabing programa, personal na dinaluhan ni Mayor Dahlia Loyola ang Refresher Training.

Sa kanyang mensahe, sinabi ng alkalde na umaasa siyang makakatulong ang nasabing pagsasanay na lalo pang mapabuti ang paghahatid ng mga serbisyong medikal sa ga barangay.

"Nawa ay nakatulong po ang mga training na ito sa inyong pagbibigay ng serbisyo publiko sa inyong mga kabarangay para sa isang mas ligtas at malusog na Bayan ng Carmona ngayong 2023." ani Loyola. | via Ruel Francisco-PIA Cavite, Dr. Dahlia A. Loyola

## GUHIT NG KAPALARAN

AQUARIUS: ( Ene. 20-Peb. 18) – Walang kasing saya kung nasa piling ng mga mahal sa buhay. Ang pagkakaisa ng pamilya ay siyang pakay mo ngayon. Malaki ang pagkaka-taon na magampanan ang responsibilidad sa pamilya. Lucky numbers at color for the day ang 23, 32, 40, 43 at maroon.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) – Maaaring may suliranin ka, subalit makalimutan pansamantala at makisaya sa mga kaibigan. Lucky numbers at color for the day ang 6, 13, 31, 40 at red.

ARIES: ( Mar. 21-Abr. 19) – Pag-isipan muna ang dapat gawin bago simulan. Taos pusong panalangin ang gawin. Lucky numbers at color for the day ang 2, 14, 32, 44 at green.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) – Huwag ikahiya kung sa malinis na paraan galing ang ihahain sa lamesa. Iwasan ang bisyo. Lucky numbers at color for the day ang 12, 19, 23, 40 at lavender.

GEMINI : (May.21-Hun. 21) – May mga kumplikasyon na sasalubong sa'yo. Ngunit kung buo ang loob, may solusyon. Lucky numbers at color for the day ang 4, 10, 26, 38 at navy blue.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) – Pagsisisihan mo kung magpapadala sa iba. Sariling desisyon ang pairalin. Lucky numbers at color for the day ang 11, 18, 21, 41 at violet.

LEO : (Hul. 23-Ago. 22) – Kung may lihim, malamang may makakatuklas. Baguhin ang dapat baguhin sa buhay. Lucky numbers at color for the day ang 8, 11, 22, 24 at peach.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) – May mga paanyayang matatanggap. Posible ang bagong pag-ibig kung may makikilala. Lucky numbers at color for the day ang 5, 12, 22, 41 at purple.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) – Kung pera ang kulang at ipagtatapat sa kaibigan. Masosolusyunan. Ingatan ang health. Lucky numbers at color for the day ang 3, 14, 33, 43 at yellow.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) – Makisaya, pero mag-ingat sa pagsasalita dahil taklesa ka ngayon. Lucky numbers at color for the day ang 7, 15, 27, 30 at avocado green.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) – Lalong magiging masaya sa regalong matatanggap. May dadalaw na kaibigan. Lucky numbers at color for the day ang 22, 29, 32, 42 at fuchsia.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) – Ngayon ang panahon ng pagbabago. Madali kang mapatawad kung taos puso ang pagsisi. Lucky numbers at color for the day ang 8, 18, 21, 45 at indigo.

# Binondo-Intramuros Bridge linear park, pedestrian stairs now open

**MANILA – Filipino and Chinese officials on Friday officially opened to the public the new linear park and pedestrian stairs of the iconic Binondo-Intramuros Bridge in Manila, the Department of Public Works and Highways (DPWH) said.**



In a statement, the DPWH noted that the new attraction would benefit residents, bikers, and parkgoers in the City of Manila.

The ceremonial opening was led by DPWH Secretary Manuel M. Bonoan, together with People's Republic of China Ambassador to the Philippines Huang Xilian; DPWH Senior Undersecretary Emil K. Sadain; Federation of Filipino-Chinese Chambers of Commerce and Industry, Inc. vice president Dr. Cecilio Pedro; and representatives of Project Contractor China Road and Bridge Corp. and CCCC Highway Consultants.

According to Bonoan, the provision of the riverside park in the steel arch bridge that links historic Intramuros to the business district of Binondo is a testament to the DPWH's commitment to incorporating green and open spaces in every quality infrastructure for the people.

He also thanked the Chinese government for their warm support for the Philippines' infrastructure projects from the "Build, Build, Build" to the current administration's "Build, Better, More" Program by sharing technical knowledge and financial assistance.

The newly completed linear park and pedestrian stairs were implemented by the DPWH Unified Project Management Office - Roads Management Cluster I (Bilateral) under the leadership of Project Director Benjamin Bautista.

On the other hand, Sadain said the opening of pedestrian stairs built on three locations would improve accessibility going to and from the bridge while the provision of a linear park complete with benches and pavers could serve as a place for leisure, meetings, and recreational activities for people of all ages.

The pedestrian-friendly facilities create a safe space and a more accessible route for everyone while providing a platform for alternative means of transport.

The bridge connects San Fernando Street in Binondo and Muella de la Industria in Barangay San Nicolas, to Solana Street and Riverside Drive in Intramuros. It spans 70 meters long and 21.65 meters wide, providing four lanes for improved traffic efficiency.

The structure is part of the PHP3.6-billion infrastructure grant by China under the Agreement on Economic and Technical Cooperation in 2017. (PNA)


PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 48 JANUARY 23 - 29, 2023 10.00


# Malacañang names new adviser on investment, economic affairs

**MANILA – President Ferdinand R. Marcos Jr. has named Robinsons Land Corporation president and chief executive officer Frederick Go as his adviser on investment and economic affairs, Malacañang announced on Friday.**




Presidential Communications Office Secretary Cheloy Garafil confirmed Go's appointment.

"Robinsons Land President and Chief Executive Officer Frederick Go has been appointed as Presidential Adviser on Investment and Economic Affairs. Rafael Consing Jr. will assist Secretary Go in his office," Garafil said in a statement.

Consing is the chief financial officer and compliance officer of the International Container Terminal Services Incorporated.

Malacañang has yet to release the appointment papers of Go and Consing.

Among others, Go also served as director of Cebu Air Inc., Manila Electric Company, JG Summit Petrochemical Corporation, JG Summit Olefins Corporation and Cebu Light Industrial Park.

He obtained his Bachelor of Science degree, major in Management Engineering, from the Ateneo de Manila University.

Consing worked with Multinational Investment Bancorp, HSBC and other financial firms.

He graduated from De La Salle University with a degree in Political Science and attended the Emerging CFO (Chief Financial Officer) Program at the Stanford Graduate School of Business. (PNA)

# HINDI LISENSYADONG KUMPANYA NA NAGBEBENTA NG LUPA, NI-RAID NG CIDG

**Inaresto ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) ang dalawang indibidwal sa isang raid laban sa umano'y walang lisensyang kumpanyang nagbebenta ng lupa sa Cavite.**

**Karamihan sa kanilang mga biktima ay mga overseas Filipino workers (OFWs) na ngayon ay humihingi ng tulong para mabawi ang kanilang pera mula sa kompanya.**

Naaresto sa raid sina Marife Robiños, administrative staff, at Allan Fresnido, office manager, na parehong dinepensahan ang sarili na empleyado lamang sila sa opisina at hindi sila ang nakikipag-deal sa mga bumibili.

Batay sa ulat ng CIDG, walang legal na dokumento ang kumpanya para mag-operate. Hindi bababa sa 35 na mamumuhunan ang naunang nagreklamo laban sa kumpanya matapos mabigong i-turn over ang mga ari-arian na ganap nang nabayaran.

"Wala silang SEC (Securities and Exchange Commission) clearance, or certification coming from the Department of Human Settlements and Urban Development. Tatlong beses na nagpalit ng pangalan," pahayag ni Police Lieutenant Colonel Benedick Poblete, CIDG-Cavite chief.

"Napakasakit po sir, unang una wala naman ako trabaho, hindi na ako nakabalik doon. Tapos dito, mayroon pa ako babayarin," ani Jewel Martinez, isa sa mga nabiktima.



"Wala po kaming makitang linaw, dahil pumunta kami sa area, aso lang ang guard dun sa pinaka-area po," saad ni Marilou Remo, isa rin sa mga naloko ng kompanya.

"Sir kako sa kanila, bakit wala pa rin development doon sa subdivision na binayaran namin? Ang sabi naman po, tatapusin lang ang eleksyon kasi magulo," kwento naman ng isa pa sa biktima na si Aries Rites.

Mahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa Presidential Decree no. 957 o ang Subdivision and Condominium Buyers' Protective Decree, Swindling, at Estafa.

"Naipit po kami sa sitwasyon, kasi appointed employee lang kami, walang kontrata, lahat ng utos ay galing sa head, kami lang ang inabutan sa opisina," paliwanag ni Fresnido.

"Gusto ko lang po na malinis ang pangalan namin, dahil hindi naman kami ang mga taong unang kausap nila, tapos kami na lang sumalo ng problema," dagdag naman ni Robiños.

"Meron tayong isang CEO, which is not in the area during that time, so we will be preparing a case against a Patricio Ahas," ayon kay Poblete.